**Rapid Data Recovery - Termino at Kundisyon sa Serbisyo**

1. **Pangkalahatang Impormasyon**

1.1 Sa mga terminong ito at kundisyon, reperensya sa “Rapid” kaugnay sa Rapid Data Recovery Thailand. Ang terminong “ Kliyente” o “Kostumer” ay may kaugnayan sa sinumang tao, bahay-kalakal, kumpanya, o anumang panig na nagpapadala ng media sa Rapid Data Recovery para sa mga dyagnostiko o pagbawi ng mga datos.

1.2 Bilang bahagi nitong dyagnostikong proseso, ang Rapid Data Recovery ay sumasangayong gamiting ang kanyang pangkomersyong kaalaman at kadalubhasaan upang malaman ang probabilidad ng, at, kung saan possible, ang dami ng pwedeng mabawing datos mula sa media ng kliyente.

1.3 Bilang bahagi nitong proseso ng pagsasauli, ang Rapid Data Recovery ay pagsisikapang kuning muli o magtiklop ng pinakamataas na halaga ng data mula sa media ng kliyente.

1.4 Ang mga araw ng negosyo ng Rapid Data Recovery ay tumutukoy sa Lunes hanggang Biyernes, hindi kasali ang anumang pampublikong bakasyon. Ang oras ng negosyo ay tumutukoy bilang 9:00 am hanggang 5:30pm. Maaring ipagkaloob ang serbisyo ng Data Recovery lampas ng mga ganitong oras. Anumang dyagnostiko at/o bawing serbisyo na ipinagkaloob sa labas ng mga ganitong oras ay dapat na matupad at sang-ayon sa singiling case-by-case basis.

2. **Estimates, sipi at Bayad**

2.1 Lahat ng permanenteng presyo ng siping iniaalok ng Rapid Data Recovery ay may bisa sa panahon ng pitong araw, maliban kung sinang-ayunan. Pagkatapos ng panahong ito ang quotation ay maaaring baguhin nang walang abiso.

2.2 Lahat ng mga presyong may panipi sa pamamagitan ng mga kinatawan ng Rapid Data Recovery ay eksklusibo ng VAT (kasalukuyang 17.5% ng kabuuang halaga na kailangang bayaran).

2.3 Ang pagtanggap ng isang quotation ay maaaring ibigay sa pamamagitan ng sulat, personal na paguusap, o sa pamamagitan ng telepono, sipi o electronic mail. Ang Rapid Data Recovery ay may reserbadong karapatan na huwag simulan ang anumang trabaho ng pagbawi hanggang sa maibigay ang aproba.

2.4 Kung mangyaring ang kliyente ay magpasiyang hindi na magpatuloy sa pag-recover ng data, makatapos na maibigay ang aproba, Ang Rapid Data Recovery ay may karapatang singilin ang kliyente para sa anumang mga gawain at / o mga kasangkapang ginamit sa ganoong panahon. Ang kabayarang nito ay nasa pagpapasiya ng Rapid Data Recovery at maaaring kapantay sa, ngunit hindi lalampas sa kabuuang halaga na inaprubahan para sa proseso ng pagbawi (recovery process)

2.5 Nauunawaan ng kliyente na ang boong halaga ay dapat bayaran pagkatapos makumpleto ang mga proseso ng data recovery at bago maglabas ng data at / o orihinal na media (kung ito'y ipapadala, kukuhanin na o ida-download), maliban kung ito ay sinangayunan. Ang kabayaran ay magagawa sa pamamagitan ng Credit/Debit Card (VISA, MasterCard, American Express, Switch, Maestro, Electron, atbp.), kumpanya, o personal na tseke, o bank transfers. Kung minsan, ang Rapid Data Recovery ay maaring magreserba ng karapatang kailanganin na ang anumang bayarin ay malinis ng husto bago maibigay ang data sa kliyente.

2.6 Inilalaan ng Rapid Data Recovery ang karapatang maningil ng interest at / o administration fees para sa anumang natitirang mga bayarin matapos ang mga tinukoy na petsa. Ang kasalukuyang rate ng interes na sisingilin sa pamamagitan ng Rapid Data Recovery ay 1.5% para sa bawat buwan ng natitirang bayad. Ang kasalukuyang rate ng sisingilin para sa pangangasiwa ay ang mga sumusunod: huli sa pagbabayad; PHP 4,900 para sa bawat natitirang buwan sa kalendaryo, 650 PHP para sa bawat kumunikasyon sa telepono tungkol sa anumang natitirang balanse, PHP 2,000 para sa bawat sulat na ibinigay tungkol sa anumang natitirang balanse at PHP 650 para sa isang kopya ng orihinal na invoice. Ang lahat ng mga halagang nakalista ay hindi kasali ang VAT.

## 3. Pagiging Kompindensyal

3.1. Bilang bahagi ng patakarang kompidensiyal, Ang Rapid Data Recovery ay sumasang-ayong hindi ibubunyag ang anumang / lahat ng mga impormasyon o data ng mga file na ibinigay, naka-imbak, o nabawi mula sa kagamitan ng kliyente maliban sa mga empleyado o ahente ng Rapid Data Recovery sa ilalim ng mga kasunduan pangkompidensiyal o bilang naaayon sa batas, na walang pahintulot ng kliyente.

3.2. Ang Rapid Data Recovery sumasang-ayon na gagamitin lamang ang awtorisadong data recovery engineers, at ang lahat ng media na ibinibigay sa Rapid Data Recovery ay nakatago sa isang ligtas na paraan sa isa sa kanyang mga lugal. Nauunawaan ng kliyente na ang mga lokasyon ng imbakan ay maaaring hindi kapareho ng mga lokasyon kung saan ang mga media ay orihinal na naipadala.

3.3. Ang lahat ng data na nabawi mula sa media ng isang kliyente ay naka-imbak sa mga ligtas na severs alinsunod sa Data Protection Act 1998.

## 4. Dyagnostiko at proseso ng Pagkuhang muli

4.1. Lahat ng mga ulat dyagnostiko ay ibibigay sa kliyente sa pamamagitan ng telepono o elektronikong koreo, maliban kung sinang-ayunan ng isang kinatawan ng Rapid Data Recovery.

4.2. Dahil sa likas na katangian ng data recovery, ang aming mga technicians ay maaaring kailanganin upang magsagawa ng pisikal na gawain tungkol sa kagamitang pang-media / data / para sa Rapid Data Recovery. Samakatuwid, kinikilala ng kliyente na (a) ang media / data / kagamitan ay nasira na, (b) ang pagsisikap na ma-recover ang data ay maaaring magresulta ng karagdagang pinsala sa media / data / kagamitan (c) ang media / data / ang mga garantiya sa kagamitan ay maaaring mawalan ng bisa, at (d) ang Rapid Data Recovery ay walang pananagutan sa bagay na ito o sa anumang iba pang mga uri ng pinsala.

4.3. Batid ng kliyente na may mga okasyon, na ang Rapid Data Recovery ay kinakailangang gumamit ng karagdagang mga media upang magpatuloy sa bahaging dyagnostiko at / o isagawa ang kanyang mga pagsisikap sa pagbawi (recovery efforts) Kasama sa mga halimbawa nito, ngunit hindi limitado, ay ekstrang bahagi para sa disk drive at espesipikong adapters o konektor. Inilalaan ng Rapid Data Recovery ang karapatang singilin ang mga kliyente para sa kahalintulad na mga karagdagang media sa ilalim ng isang napagkasunduang gugulin.

4.4. Sa mga bihirang okasyon, ang Rapid Data Recovery ay maaring hilingin sa kliyente na sagutin ang ilan sa mga gastos ng pagsisikap na makarecover (ng data). Ang .kahilingang ito ay mag-aaplay lamang kapag ang recovery ay mahirap unawain o kapag may malubhang pinsalang nangyari at bilang isang no-obligation lamang, fixed price quotation, at hindi ibinibigay bilang bahagi ng Rapid Data Recovery na "walang-recovery-walang bayad" na serbisyo.

4.5. Sinasang-ayunan ng Rapid Data Recovery na ang anumang mga pagbabayad para sa isang recovery ay maipo-proseso lamang kung ang data ay matagumpay na nailigtas mula sa media ng kliyente. Nauunawaan ng kliyente na dahil sa komplikadong kalikasan ng data recovery, hindi laging posible na makuha ang lahat ng mga impormasyon mula sa media ng kliyente. Rapid Data Recovery ay hindi gumagawa ng probisyon para sa mga kaganapan, relevance o kahalagahan ng na-recover na data para sa kliyente maliban kung sinang-ayunang may kasulatan sa pagitan ng Rapid Data Recovery at ng kliyente.

4.6. Inilalaan ng Rapid Data Recovery ang karapatan na magpadala o mag-redirect ng anumang kagamitan o media na natanggap sa alinman sa aming mga lugar sa pinaka-angkop na lokasyon para sa data recovery. Kabilang dito ang paggamit ng affiliate o pang-laboratoryong pasilidad ng punong kumpanya, Sa mga ganitong pagkakataon ang Rapid Data Recovery ay gagamit ng isang courier para sa mga pagbibiyahe ng media o mga kagamitan. Ang kliyente ay sang-ayon na a) Ang Rapid Data Recovery ang gaganap sa gastusin sa transportasyon na ito at b) Ang Rapid Data Recovery ay hindi mananagot sa anumang pinsala o pagkawala ng anumang bagay na ibinyahe bilang bahagi ng pangkalahatang pagsisikap na mabawi ang nawala data ng kliyente.

## 5. Pagganap, Paghahatid & Kargada

5.1. Ang Rapid Data Recovery ay sumasang-ayon na ibalik ang lahat ng nabawing data sa naaangkop na media. Kasama sa mga halimbawa nito, ngunit hindi limitado, ay CD-ROM, DVD-r o isang kapalit na hard drive. Bilang bahagi ng kanyang serbisyong standard data recovery, ang Rapid Data Recovery sa kasalukuyan ay ibinalik ang maximum 3GB ng data sa CD-ROM at 30GB ng data sa DVD-r. Taglay ng Rapid Data Recovery ang karapatan na tumangging ibalik, o sumingil sa isang kliyente sang-ayon sa halaga ng pagssauli ng data sa mga paraan ng media kapag ang data na nabawi ay lumampas sa limitasyon. Ang kliyente ay dapat magbayad ng napagkasunduang halaga para sa anumang replacement media at ang halagang ito ay pandagdag sa gastusin sang-ayon sa pinagkasunduang data recovery service, maliban lamang kung may sulat-kasunduan ng isang kinatawan ng Rapid Data Recovery.

5.2. Ang lahat ng replacement media ay may warrantee period na pitong araw sa kalendaryo mula sa petsa ng pagpapadala na manggagaling sa alinmang opisina ng Rapid Data Recovery, kung kailan ang Rapid Data Recovery ay magpapalit o magkukumpuni ng

anumang mga panindang itinuturing na may mga mali. Pagkatapos ng panahong ito, ang anumang warranty ay nakalatag lamang sa mga tagagawa ng mga kalakal at hindi sa Rapid Data Recovery. Pagkalipas ng tatlong araw na trabaho sa panahong ito, kung ang anumang mga karagdagang data recovery service ay kinailangan mula sa isang returned media, ito ay dapat singilin sa standard rate ng Rapid Data Recovery.

5.3. Ang lahat ng nabawing data ng Rapid Data Recovery ay ibabalik sa kliyente sa sa susunod na araw, pamamagitan ng traceable service .. Kasama sa mga halimbawa nito, ngunit hindi limitado sa Fed Ex, DHL o UPS sa susunod na araw ng paghahatid. Gayunman, ang ibang mga pagsasaayos para sa pagbabalik ng data ng kliyente ay maaaring isaayos. Sa ibang pagkakataon, inilalaan ng Rapid Data Recovery ang karapatan na singilin ang mga kliyente para sa mga ibinigay na serbisyong postal at ang anumang kaugnay na mga bayad administrasyon. Ang bayad na ito ay dagdag na singil sang-ayon sa kasunduan sa proseso ng pagkuha ng data.

5.4. Walang pinanghahawakang responsibilidad ang Rapid Data Recovery para sa mga pagkaantala na sanhi ng postal network. Sa mga ganitong pangyayari walang ibibigay na kabayaran para sa pagkawala ng kita, abala at iba pa, maliban kung may naunang napagkasunduan sa pamamagitan ng Rapid Data Recovery.

5.5. Sang-ayon ang kliyente na siyasatin o gumawa ng paraang siyasatin ang mga panindang inihatid sa pinakamaagang pagkakataon.pagka-deliber o tangkang i-deliber at sa anumang pangyayari sa loob ng limang araw sa kalendaryo ng paghahatid o tangkang paghahatid. Ang anumang mga paghahabol sa kakulangan sa paghahatid ng mga kalakal, o claims na ang mga kalakal ay hindi sumunod sa mga alituntuning naaayon sa Rapid Data Recovery, ay dapat na pasabihan sa sulat sa loob ng pitong araw ng kalendaryo ng paghahatid. Ang mga paghahabol na ginawa sa labas ng mga panahong ito ay maaari lamang malutas sa pagpapasiya ng Rapid Data Recovery.

5.6. Ang Rapid Data Recovery ay magpapanatili ng isang kopya ng iyong recovered data sa loob ng pitong araw mula sa petsa ng pagpapadala. Sa panahong ito ang Rapid Data Recovery ay sasagot sa anumang katanungan tungkol sa nabawing data at, kung kinakailangan, magbibigay ng karagdagang mga kopya. Sa okasyon, na may pahintulot ng kliyente, ang Rapid Data Recovery ay maaaring magpanatili ng isang kopya ng iyong recovered data at / o mga digital na imahen na lampas sa puntong ito. Sa pangyayari tulad ng mga ito, ang Rapid Data Recovery naglaan ng karapatan na sumingil ng bayad para sa mga dobleng mga kopya ng data, ng imbakan ng data, at pamamahala sa seguridad.

5.7. Ang kliyente at Rapid Data Recovery sumang-ayon na ang nag-iisa at eksklusibong lunas para sa anumang mga hindi kasiya-siyang trabaho ay dapat na nasa diskresyon ng Rapid Data Recovery. Ang Rapid Data Recovery ay may inilaang karapatan sa alinman sa (1) subukan ang karagdagang mga pagsisikap ng mga inhinyero ng Rapid Data Recovery na malunasan ang anumang hindi kasiya-siyang trabaho, o (b) isauli ng buo o ang bahagi ng halagang binayaran ng kliyente.

5.8. Lahat ng media na ipinadala sa Rapid Data Recovery para sa data recovery ay maaaring panatilihin sa loob ng isa sa mga internasyonal na tanggapan para sa isang panahon ng hanggang 14 araw matapos ang pagkumpleto ng mga serbisyo ng data recovery. Sa mga panahong ito, ang kliyente ay maaaring humiling na ibalik. ang kanilang mga media. Ang

Rapid Data Recovery taglay ang karapatan na sumingil ng bayad upang masakop ang gastos ng selyo at / o packaging sa mga ganitong kalagayan.. Anumang media na naiwan sa Rapid Data Recovery matapos ang oras na ito ay ligtas na itatapon sa isang ekolohiyang paraan, kung kalian ang Rapid Data Recovery ay walang pananagutan sa mga kliyente o sa anumang ikatlong partido.

5.9. Nauunawaan ng kliyente na ang lahat ng media na ibinalik bilang bahagi ng libreng return service ng Rapid Data Recovery, ay ibinibigay sa pamamagitan ng serbisyong postal, maliban na lamang kung sa kabilang banda ay sinang-ayunan ng isang kinatawan ng Rapid Data Recovery. Sa dahilang ang serbisyong ito ay hindi-traceable, hindi hawak ng Rapid Data Recovery ang responsibilidad sa anumang mga media na nawala o nasira sa loob ng postal network.

5.10. Nauunawaan ng kliyente na ang Rapid Data Recovery ay hindi nag-aalok ng anumang garantiya o garantiya ng anumang uri, at ang lawak ng anumang pananagutan ng Rapid Data Recovery sa kliyente ay mahigpit na limitado sa mga bayad na inyong ibinayad sa Rapid Data Recovery para sa serbisyong data recovery.

## 6. Integridad ng Data

6.1 Tinatanggap ng kliyente na ang Rapid Data Recovery ay hindi magsusuri sa nilalaman ng anumang mga file na nakapaloob sa media na ibinibigay sa kanila. Ang Rapid Data Recovery karagdagang hindi rin umaako ng responsibilidad para sa kahit ano pa mang mga nilalaman, integridad, pag-andar, katiwalian o pagiging kapaki-pakinabang ng anumang data na mababawi.

## 7. Legalidad

7.1. Ang client ay sumasang-ayon na ang lahat ng media at mga nilalaman nito na ibinigay sa Rapid Data Recovery ay legal at ang legal na pag-aari ng mga kliyente, na ang kliyente ay may legal na karapatan na humiling ng mga serbisyo ng data recovery, tulad ng inilarawan sa ilalim ng Batas ng Pilipinas.

Ang mga Tuntunin at Kundisyong ito ay huling binago noong ika- 20 ng Enero 2008.